

## **Community-Based Disaster Risk Mapping**

### **Spot Mapping**

1. Sa isang craft paper gumawa ng spot map ng komunidad kung saan nakalagay ang topograpiyang lugar (taas, baba, mga katubigan, bundok, etc) at mga kabahayan at pasilidad (eskuwelahan, daan, hospital, palengke, simbahan).
2. Bilang gabay sa paggawa ng mapa, gawing sentro ang inyong daycare center o learning center at mula sa North, South, East at West nito ay i-identify at iguhit kung ano at nasaan ang posibleng panggagalingan ng panganib na siyang magdulot ng disaster.
3. I-describe at iguhit kung ano ang katayuan at kondisyon ng daycare o community learning center (materyales, lokasyon – malapit ba sa ilog? Nasa bangin? O katabi ng dingding ng pabrika?, atbp).
4. Sa isang plastic cover (plastic overlay) idrawing ang lugar at pasilidad na bulnerable sa mga bantang panganib (e.g medaling bahain, may soil erosion, may nakita na fault line, etc) Ito ang hazard map. Bigyang atensyon ang lokasyon ng schools, daycare at learning centers.
5. Sa isa pang plastic cover i-drawing naman ang kung saan magamit ang resources ng mga tao o komunidad (e.g saan ang bahay na may doctor o nurse, saan pwedeng gawing evacuation center, saan may source of water outside the MWSS, etc).

### **Hazard Assessment**

1. Ilahad ang puwersa na maaring makasira: hangin: tubig (matinding pag-ulan, pagtaas ng tubig sa sapa, storm surge, etc): lupa(landslide, mudflow, lahar): seismic (ground shaking ground rupture, liquefaction): Conflicts: Industrial/Technological: Iba pa.
2. Ano ang mga secondary hazards na maaring maranasan (e.g. ang matinding pag-ulan ay maaring makapagdulot ng landslides, etc)
3. I-drawing ang inyong daycare o learning center. Tukuyin ang mga katangian nito na maaaring magdulot ng panganib (halimbawa – makipot na pintuan, installation ng kuryente.)

## **Vulnerability Assessment**

1. Tukuyin ang mga elementong nasa panganib (elements at risk) at nasaan sila
  - Sino ang pwedeng maapektuhan at saan sila nakatira at paano sila maaring maapektuhan
  - Ano ang maaring masira (kabahayan, pasilidad at serbisyo at mga mahahalagang istruktura)
  - Pangkabuhayan at trabaho
  - Epekto sa kalikasan
  - Sa mga daycare centers/learning centers --- ilang ang mga bata o learners at guro na pwedeng maapektuhan. Ano ang katangian nila (edad, lalaki-babae, children with special needs, etc.)

## **PAALALA SA MGA FACILITATORS**

1. Ipaliwanag kung ano ang layunin ng mapping at kung para saan ito. Ipaliwanag rin kung ano ang gagawin at mga guide questions.
2. Imungkahi sa komunidad na magkaroon ng iba't ibang representatives para lumahok sa Mapping ---- mula sa facilitators/educators, organizers, magulang, learner (OSY), LGU atbp. Taga-komunidad.
3. Magdala ng mga materyales na gagamitin sa disaster risk management.
4. Habang umiikot sa komunidad para gawin ang Mapping, dapat mag-notes ang mga participants o kaya ay tandaan ang kanilang nakita. Ito ang magiging basis ng Mapping na gagawin.
5. Ang pinaka-output ng Mapping ay mapa na may dalawang overlays. Siguraduhing matapos ito sa araw ding iyon para hindi makalimutan ang detalye.